Republic of the Philippines
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

MAR 2 2 2011

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 70 , s. 2011

PAGDIRIWANG NG ARAW NI FRANCISCO "BALAGTAS" BALTAZAR 2011

Sa mga: Direktor ng mga Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan
Pinuno, Pampubliko at Pribadong Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Ang **Pagdiriwang ng Araw ni Balagtas** na ginaganap tuwing ikalawang araw ng Abril taon-taon ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Bilang 964. Bilang bahagi ng pagdiriwang na ito, ang KWF ay magtataguyod ng Timpalak sa Pagsulat ng Tula, sa ika-75 Anibersaryo nito.

2. Ang paksang-diwa ng pagdiriwang sa taong ito ay *"Mga Aral ni Balagtas Gabay sa Tuwid na Landas."*

3. Layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:

   a. Maipatupad ang timpalak sa pagsulat ng tula; at
   b. Talakayin ang mga aral ni Balagtas na nagpapahalaga sa mga pagsisikap, pagkakaisa, at pagtutulungan, gayundin ang pagmamahal sa wika at kultura.

4. Bukas sa lahat ng mga mag-aaral ang paglahok sa timpalak na ito.

5. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa Sangay ng Impormasyon at Publikasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino, 2/F Watson Building, 1610 J.P. Laurel Street, San Miguel, 1005, Maynila o tumawag sa mga alinmang telepono blg.: (02) 736-2519; (02) 738-0315; (02) 736-2521.

6. Hinihiling ang maagang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

BR. ARMIN A. LUISTRO FSC
Kalihim

Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran Blg.: 104, s. 2010
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS & FESTIVALS	STUDENTS
CONTESTS	TEACHERS

R: Sally/JBM DM-pagdiriwang ng araw ni balagtas
March 10, 2011/3-15-11